**Allan Popa**

# Pinakamahaba ang Gabi sa Panitikan

Isa kang bata sa harap
ng estrangherong naghihingalo
sa gitna ng gubat.

Mabigat ang kanyang habilin
na tila hindi makakayang gawin
ng mumunti mo pang kamay
ngunit susunod ka sa kanyang pakiusap.

Hahakutin mo ang mga panggatong
para gumawa ng apoy
na susunog sa kanyang bangkay.
Kasama niyang mabubura ang iyong ina.
Hindi sila maaaring makilala.

Minsan nang lumambitin
sa iyong harap ang daan palayo
sa anyo ng mahabang lubid
mula sa bunganga ng kampanang
basyo ang tinig sa iyong pandinig.
Hindi mo ito nagawang kapitan
o igapos sa sariling leeg.

Nakadiin ang gabi sa katawan
ng lalaking hindi mo malalapitan.
Ikaw ang huling makakikita
sa kanyang mukha, bata.



likhaanjournal11insidepages110617.indd 190 11/7/2017 3:38:51 PM

# Oyayi

Hindi ang sisiw na inilagay
sa ilalim ng bao na patuloy sa paghuni
ang nais patahimikin ng bata
sa kanyang pagkatok nang pagkatok
ng bato sa guwang.
Hindi siya mapagbubuksan.

Hindi ang manika
sa kanyang tabi na inaawitan
ng oyaying pilit na tinatandaan
ngunit hindi matunton ang wakas.
Walang ligalig sa lilim ng mga talukap
na kusang nagsasara kapag inihiga.

Aabutan ka ng kalungkutan
isang araw kung kailan hindi ka handa
at dadaloy ang luhang hindi mo alam
kung saan o kung sa iyo bumubukal.
Ganito kalalim ang katotohanan kung magkubli.

Hindi mo matatandaan kung saang bahagi ka
nakatulog sa salaysay, sa awitin, o sa pagtangis.
Isa itong biyaya na hindi ipinaaalam.
Biyaya na hindi malaman.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 191 11/7/2017 3:38:51 PM

# ROLYO

Inilarawan ng beteranong reporter ang mga mata ng mga tagaroon bilang mga matang marami nang nakita. Paano ba matingnan ng mga matang marami nang nakita? Nadala niya sa pagbabalik sa lungsod ang kanilang mga larawan na dumaloy sa maraming rolyo ng pelikula. Nabuo niya mula sa mga larawan ang kanilang salaysay. Naipalabas. Pero may mga gabing hindi siya makatulog at muli niyang binabalikan ang mga nakuhang larawan. Ang mga hindi pa natabas na rolyo na muling maliliwanagan sa dilim ng kanyang silid. Ang mga mata na may sariling salaysay na hindi nalalagom at hindi malalagom ng kanyang salaysay. Hindi sila mailap. Hindi mo masasabing may pagdududa. Sa katunayan, diretso sila kung tumitig sa kamera tungo sa mga matang nakasilip sa likod ng kamera. Mga matang lumalagos sa pinakamalalalim na bahagi ng kanyang pagkatao na para bang wala na siyang maipagkakait sa kanila.

# DAMAGAN

Sa iyong isipan, nananatili ang punong iyon na naraanan nang minsang abutin ng dilim sa paglalakad. Isang punong hitik na hitik sa mga alitaptap. Napahinto ka. Namangha. Parang batang muli na nabura ang lahat ng pagdududa at pag-aalinlangan. May bahagi ka na gustong humuli, tulad dati, ng kahit isang kulisap at pagmasdan sa pagi-pagitan ng mga daliri ng nakakuyom na palad ang pagpuslit ng marahang liwanag. Napakarami nila. Halos sabay-sabay ang pagkutitap sa kahuyan. Hindi mahirap paniwalaan na pinamamahayan ng engkanto ang ganitong puno katulad ng narinig na kuwento sa malayong kabataan. Hindi mo nagawang lumapit. Hindi mo nagawang bulabugin ang mataimtim na pagtitipon na waring dasal. Noon mo nadama na tila nariyan lamang sa paligid ang lahat ng naglahong mga kalaro. Katulad mo nakatitig sa hinahayaan. Punong-puno ang mga kamay ng liwanag ng pagbitaw.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 192 11/7/2017 3:38:51 PM